PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrkb.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: 0920-911-1398 or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

4 Hakbang sa Pagpapatubo ng Buto

1. Ibabad ang mga buto ng 24 oras sa umaagos na tubig o kaya ay ibabad ang mga buto sa dram na may malinis na tubig.

2. Kulubin ang mga buto ng 24-36 oras (hanggang sa lumabas ang puting parang tuldok na siyang tumutubong ugat) sa pamamagitan ng paglalagay ng mga ito sa sako na hanggang kalahati lamang ang laman at italing mabuti. Ito ay nagpapanatili ng init sa mga buto at nagpapabilis sa paglaki ng embriyo para sa sabay-sabay nitong pagsibol.

3. Magbigay ng sapat na hangin habang nakakulob ang mga buto sa pamamagitan ng paglalagay nito sa paletang may butas.

4. Iwasang pagpatung-patungin ang mga sako upang mapigil ang pagmumulan ng init. Ang napakataas na temperatura ng pagkakulob ay nagpapababa sa bilis ng pagsibol at maaaring ikamatay ng mga butong tumutubo.

5. Panatilihing mamasa-masa ang binhi hanggang ito ay sumibol.

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice